

Original Article

Mga Katangiang Linggwistik ng Wika ng Kababaihan sa mga Piling Panayam: Isang Pagsusuri

Maricel Esoy ¹, Rohannie Mamongcal ², Nadjerah Exsan ³,
CJ Ann Bala ¹, Alican Pandapatan ^{4,*}

Received: 12 May 2026; Revised: 02 July 2026;

Accepted: 04 July 2026; Published: 05 July 2026

DOI: <https://doi.org/10.66074/Y6M2Z8Q3>

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay isang panimulang pagsisiyasat na sumuri sa mga katangiang linggwistik ng wika ng mga babaeng personalidad sa telebisyon sa tatlong antas ng panayam: pormal, di-gaanong pormal, at di-pormal. Gamit ang kwalitatibong pananaliksik na may disenyo na case study, sinuri ang anim na panayam ng mga babaeng kalahok mula 2020–2025 sa pamamagitan ng discourse analysis at thematic analysis. Bilang teoretikal na balangkas, ginamit ang Difference Theory at Social Constructionist Theory bilang pangunahing lente, samantala ang Politeness Theory at Accommodation Theory ay nagsilbi bilang mga suportang teorya. Natuklasan ang dalawang magkasalungat na pattern: (1) bumaba sa di-pormal ang paggalang (98% tungong 12%), di-tuwirang pahayag (87% tungong 34%), at pag-iwas sa sensitibong paksa (95% tungong 23%); at (2) tumaas naman sa di-pormal ang code-switching (10% tungong 59%), emosyonal na pananalita (5% tungong 45%), tagapuno (4% tungong 69%), at balbal (1% tungong 37%). Ipinahiwatig ng pag-aaral na ang wika ng mga babaeng kalahok ay dinamiko at kontekstwalisado, umaangkop sa antas ng pormalidad, nakatuon sa samahan, nakabatay sa kuwento, awtentiko sa emosyon, at madiskarte sa politeness. Muling binigyang-kahulugan ang proposisyon ni Lakoff (1975) na ang po, opo, at hedges ay hindi tanda ng kahinaan kundi mga estratehiya para sa pakikisama at paggalang sa kulturang Pilipino. Gayunpaman, kinilala ng pag-aaral ang limitasyon nito sapagkat anim na panayam lamang ng mga kilalang personalidad sa telebisyon ang

¹ Mindanao Mission Academy of Seventh-Day Adventist, Inc., Manticao, Philippines

² Saphiyyah Integrated School Foundation.

Inc., Marawi, Philippines

³ Bubong Madanding Elementary School, Marantao, Philippines

⁴ Mindanao State

University-Main Campus, Marawi, Philippines

* alican.pandapatan@msumain.edu.ph

sinuri, kaya hindi maaaring gawing pangkalahatan ang mga natuklasan sa lahat ng babaeng Pilipino. Ang mga pattern na natukoy ay maaaring bunga ng mediatized na konteksto, media training, o public image, at hindi lamang ng kasarian.

Susing-salita: Wika ng Kababaihan, Sosyolinggwistika, Panayam, Antas ng Pormalidad, Kasarian at Wika

Abstract (English)

This preliminary study aims to examine the linguistic features of the language of female television personalities across three levels of interview formality: formal, semi-formal, and informal. Using a qualitative research design with a case study design, six female participants were observed in the recorded interview between 2020-2025 and were analyzed through discourse analysis and thematic analysis. Difference Theory and Social Constructionist Theory served as the primary theoretical lens, while Politeness Theory and Accommodation Theory served as supporting theories. Two contrasting patterns were identified: (1) in informal settings, politeness decreased (98% → 12%), indirect statements decreased (87% → 34%), and avoidance of sensitive topics decreased (95% → 23%); and (2) in informal settings, code-switching increased (10% → 59%), emotional speech increased (5% → 45%), fillers increased (4% → 69%), and slang increased (1% → 37%). The study suggests that the language of the female participants is dynamic and contextualized, adapting to the level of formality, focused on rapport, narrative-based, authentic in emotion, and strategic in politeness. Lakoff's (1975) proposition is redefined in the Filipino context: *po*, *opo*, and hedges are not markers of weakness but rather strategies for rapport and respect in Filipino culture. However, the study acknowledges its limitation, only six interviews of well-known television personalities were analyzed, so the findings cannot be generalized to all Filipino women. The patterns may be due to the mediatized context, media training, or public image, not merely gender.

1. Introduksyon

Ang wika ay hindi lamang isang medium ng komunikasyon. Ito ay isang mapanglaw na kalawakan ng isang bansa, isang kultura, at isang indibidwal mismo (Sapir, 1929). Sa larangan ng sosyolingguwistika, tinatangi na ang paggamit ng wika ay may pagkakaiba depende sa kasarian ng isang tao. Ang pag-aaral ni Labov (1966) sa Bay at Bronx, pati na rin ang iba pang mga follow-up na pananaliksik ay bumuo ng malinaw na pagkahulusan sa mga paraan ng pagsasalita ng mga kalalakihan at kababaihan. Nagpakita ang mga pananaliksik sa pakikipagkomunikasyon na mayroon kang ginagamit na sistema ng pagkakaiba sa paraan ng pagpapahayag sa pagitan ng

magkaibang kasarian. Halimbawa, ang “woman’s language” ay naging sanlok ng debate at pag-aaral mula itong isinulat ni Lakoff (1973) sa kanyang aklat na *Language and Woman’s Place* na ang mga babae ay talagang may pagkakataong gamitin ang mga linggwistika na katangian na nagpapahiwatig ng kakulangan sa kumpiyansa, pagiging magalang, at emosyonal na sensitibidad.

Ipinahayag ni Lakoff (1973) na ang mga kababaihan ay gumagamit ng mga hedges, tulad ng “siguro” o “parang,” at mga “pinalad” na mga pang-uri, tulad ng “maganda” at “kaaya-aya,” mataas na tono, o paggamit ng mas mataas na tono na may intonational contour sa dulo ng pangungusap. Ang ibang mga iskolar, kabilang sina O’Barr at Atkins (1980), ay nagsabing ang mga katangiang lingguwistiko na ito ay hindi sadyang panlalaki o pambabae, ngunit mga palatandaan ng kawalan ng kapangyarihan (halimbawa, sa isang hukuman). Gayunpaman, nananatiling mahalaga ang teoryang Lakoff (1973) bilang isang pundasyang analitikal sa pagtukoy sa iba’t ibang antas ng pormalidad at impormalidad sa isang komunikatibong konteksto na may kaugnayan sa kababaihan.

Ang ilang umiiral na pag-aaral ay nakatuon sa wika at kasarian sa Pilipinas. Sinuri ni Gonzalez (1998) ang paggamit ng Filipino at Ingles sa mga akademikong kontekstong nakatali sa kasarian. Gayunpaman, may malaking agwat sa mga lokal na pag-aaral hinggil sa lingguwistang pagsusuri ng wika ng mga babae sa mga panayam na kinabibilangan ng mga aspeto ng pormalidad (ibig sabihin, pormal, semi-pormal, at impormal). Maraming bahagi ng literatura ang nakatuon sa pormal na pakikipag-usap (ibig sabihin, debate o panayam sa trabaho) o impormal na palitan ng diskurso sa pagitan ng mga kaibigan.

Sa Pilipinas, hindi pa masyadong nailalathala ang pananaliksik tungkol sa paraan ng komunikasyon ng mga kababaihan sa panahon ng mga interbyu, isang sitwasyong highly interactive ngunit pabago-bago. Inilalarawan ni Tannen (1990) ang mga interbyu bilang pormal (interbyu sa trabaho), semi-pormal (pananaliksik na interbyu), o impormal (small talk). Ang iba’t ibang pormat na ito ay maaaring magbunsod ng iba’t ibang estratehiya sa pagsasalita. Halimbawa, sa mas pormal na konteksto ng mga interbyu, maaaring hikayatin ang mga tagapanayam na ipakita ang mga katangian na nagpapakita ng paggalang at pormalidad, samantalang sa mga impormal na konteksto ay maaaring bigyan ang mga kalahok ng mas malayang paraan upang ipakita ang interaksyon at emosyonal na aspeto ng pagsasalita ng kababaihan (Holmes, 2022). Hanggang sa kasalukuyan, wala pang nakasulat na gawain ukol sa wika ng mga kababaihan, sa parehong uri ng pangyayari sa pananalita (panayam), na may pormalidad bilang salik na umiimpluwensya.

Ayon kay Tannen (1990), nagsasabi na ang mga panayam ay pormal (mga panayam sa trabaho), semi-pormal (mga panayam sa pananaliksik), o impormal (pagsasalaysay) na mga pangyayari sa pananalita. Ang paggamit ng mga lingguwistang kasangkapan ay malamang magbago depende sa iba’t ibang antas ng pormalidad. Sa mga pormal na panayam, ang wika ng mga babae ay malamang na maging institusyunal, habang sa mga impormal na konteksto, ang wika ng mga babae ay malamang na maging emosyonal at interaktibo (Holmes, 2022). Gayunpaman, sa

kontekstong Pilipino, wala pang isang komprehensibong pag-aaral upang suriin ang pagkakapareho o kaibahan ng mga kaso sa mga interpretatibong framework sa Kanluran at kung may mga natatanging katangian sa lokal (hal., sosyal na pagkakaisa, hiya, o utang na loob) sa pananalita ng mga babae habang nasa panayam.

Upang matalakay ito, narito ang mga suliranin na sinagot sa pag-aaral na ito:

1. Ano-ano ang mga katangiang linggwistikong ng mga babae na makikita sa piling panayam?
2. Paano ipinakilala ang wika ng kababaihan sa mga katangiang linggwistikong nakita batay sa antas ng panayam na pormal, di-gaanong pormal, at hindi pormal?
3. Ano ang kahalagahan ng wika ng kababaihan sa panayam batay sa proposisyon na WL ni Lakoff?

2. Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang pag-aaral sa ugnayan ng wika at kasarian ay hindi lamang isang usaping panggramatika kundi isang malalim na pagsusuri sa papel ng diskurso sa paghubog ng pagkakakilanlan, kapangyarihan, at ugnayang panlipunan ng kababaihan. Ayon kay Lakoff (1973), ang women's language ay bahagi ng sosyolinggwistikong kamalayan, isang estruktura ng pananalita na gumagabay sa ating interpretasyon sa papel ng kababaihan sa lipunan. Sa larangan ng panayam, ang wika ng kababaihan ay nagiging isang makapangyarihang kasangkapan sa paglikha ng relasyon, pagpapahayag ng paggalang, at pagbuo ng tiwala sa pagitan ng mga kalahok, na nagiging pundasyon ng mabisang komunikasyon sa iba't ibang antas ng pormalidad.

Binibigyang-diin ng mga naunang pag-aaral na ang wika ng kababaihan ay hindi simpleng usaping panggramatika kundi isang komplikadong penomenong panlipunan. Ayon kay Lakoff (1973), ang women's language ay may natatanging katangiang linggwistik tulad ng hedges, tag questions, at polite forms na sumasalamin sa posisyon ng kababaihan sa lipunan. Natuklasan nina Labov (1966) at Gonzalez (1998) ang impluwensya ng kasarian sa paggamit ng wika, kung saan mas sumusunod ang kababaihan sa pamantayang anyo. Ipinakita naman nina O'Barr at Atkins (1980) na ang tinaguriang "pambabae" na wika ay maaaring bunga ng kawalan ng kapangyarihan, hindi ng kasarian mismo.

Sa mga kontemporaryong pag-aaral, napatunayan nina Yang at Yang (2025), Williams at Núñez (2025), at Kurnia et al. (2025) na ang paggamit ng women's language features ay nag-iiba ayon sa konteksto, propesyonal na papel, at maging sa sinadyang estratehiya. Ipinakita naman nina Wahab et al. (2025) at Khoirunnisa' (2025) ang papel ng kultura at sitwasyon sa pag-angkop ng wika.

Sa Pilipinas, binigyang-diin nina Villanueva et al. (2025) na mababa pa ang antas ng gender language sensitivity, at ang mga katutubong pagpapahalagang tulad ng po at opo, pakikisama, at hiya ay humuhubog sa natatanging gamit ng wika ng kababaihan sa lokal na konteksto. Inilalarawan ni Tannen (1990) ang mga interbyu bilang pormal (interbyu sa trabaho), semi-pormal (pananaliksik na interbyu), o impormal (small talk). Ang iba't ibang pormat na ito ay maaaring magbunsod ng iba't ibang estratehiya

sa pagsasalita. Sa kabilang banda, pinakita ni Adawiyah (2021) na sa konteksto ng talk show, si Ellen DeGeneres ay gumagamit hindi lamang ng mga tradisyonal na katangian ng wika ng kababaihan kundi pati na rin ng swearing at taboo language bilang form of closeness sa kanyang mga bisita, na nagpapakita na ang wika ng kababaihan ay dynamic at context-dependent.

Ginamit din sa pag-aaral na ito ang Politeness Theory nina Brown at Levinson (1987) na nagpapaliwanag kung paano ginagamit ang mga estratehiya tulad ng negative politeness (paggalang sa distansya ng kausap) at positive politeness (pagbuo ng samahan) upang protektahan ang "mukha" ng kausap. Ayon sa teoryang ito, ang paggamit ng po/opo, hedges, at di-tuwirang pahayag ay hindi tanda ng kahinaan kundi mga face-saving strategies na tumataas habang tumataas ang social distance. Samantala, ang Accommodation Theory ni Giles et. al (1973) ay nagpapaliwanag kung paano iniaangkop ng mga nagsasalita ang kanilang wika upang maging kabilang sa isang grupo (convergence) o upang magkaroon ng distansya (divergence). Sa di-pormal na setting, ang paggamit ng code-switching, balbal, at tagapuno ay halimbawa ng downward accommodation.

Ginamit sa pag-aaral na ito ang sumusunod na mga teorya: (1) Deficit Theory (Lakoff, 1975) bilang punto ng pag-alis upang matukoy ang mga katangiang tradisyonal na iniuugnay sa wika ng kababaihan; (2) Difference Theory (Tannen, 1990) bilang pangunahing lente na nagsasabing ang wika ng kababaihan ay hindi mababa kundi naiiba lamang dahil sa magkaibang kultura ng socialization; (3) Politeness Theory (Brown at Levinson, 1987) bilang suportang teorya upang ipaliwanag ang pattern ng pagbaba ng paggalang at di-tuwirang pahayag mula pormal tungong di-pormal (Pattern A); at (4) Accommodation Theory (Giles et al. 1973) bilang suportang teorya upang ipaliwanag ang pattern ng pagtaas ng code-switching, emosyonal na pananalita, at balbal sa di-pormal na konteksto (Pattern B).

3. Metodo

Gumamit ang pag-aaral na ito ng mixed-methods research design na may explanatory sequential design (Creswell et al., 2018). Ang quantitative component ay ang sistematikong pagbilang ng dalas ng bawat katangiang linggwistik mula sa 150 pahayag bawat antas ng pormalidad, pagkalkula ng porsyento, percentage change, at Cramér's V para sa effect size. Ang qualitative component naman ay ang thematic analysis ng mga sipi mula sa transkripsyon upang ipaliwanag ang kahulugan sa likod ng mga numerong ito. Pinagsama ang dalawang komponent na ito sa interpretasyon upang mabigyan ng lalim ang mga estadistikang natuklasan.

Kinuha ang mga datos mula sa mga panayam na naitala mula 2020 hanggang 2025. Anim na panayam ang sinuri: apat mula sa babaeng kalahok (Lily, Rose, Tulip, Daisy) at dalawa mula sa lalaking kalahok (Ivy at Orchid) na nagsilbing comparative baseline. Ang mga lalaking kalahok ay hindi pangunahing pokus ng pagsusuri kundi ginamit upang matukoy kung ang mga katangiang linggwistik ay eksklusibo sa kababaihan o bahagi ng karaniwang istilo ng komunikasyon sa panayam.

Kabilang sa mga sinuring panayam ang: pormal na panayam mula sa Boy Abunda with Chelsea Manalo (kalahok: Lily) at Headstart: Del Monte Celebrates 100 Years (ANC); di-gaanong pormal na panayam mula sa Vivamax Queen Angeli Khang sa Toni Talks (kalahok: Rose) at Sofronio Vasquez (kalahok: Ivy - lalaking baseline); at di-pormal na panayam mula sa #MetroSceneCoverStories kasama sina Tonet Jadaone at JP Habac (kalahok: Daisy at Orchid - lalaking baseline), at Full Interview with Melai Cantiveros sa The B Side (kalahok: Tulip).

Pinili ang mga panayam na ito gamit ang purposive sampling, batay sa mga sumusunod na kraytirya: (1) ang mga kalahok ay babaeng Pilipino na may edad na 18 pataas; (2) ang wikang ginamit ay Filipino, Ingles, o Taglish; (3) malinaw ang kalidad ng audio o video; (4) ang tagal ng panayam ay hindi bababa sa 10 minuto; at (5) may tatlong antas ng pormalidad.

Ang verbatim transkripsyon ng lahat ng panayam ay ginawa gamit ang Jeffersonian transcription system (Jefferson, 2004). Pagkatapos ng transkripsyon, sinuri ang datos sa pamamagitan ng anim na hakbang na thematic analysis nina Braun at Clarke (2006).

Upang matiyak ang sistematikong pagsusuri, ginamit ang sumusunod na apat-na-hakbang na proseso ng pagkokodigo:

Unang Hakbang: Unitization. Ang bawat "pahayag" ay tinukoy bilang isang turn sa usapan na naglalaman ng kumpletong kaisipan o ideya. Sa kabuoan, 150 pahayag bawat antas ng pormalidad ang random na pinili mula sa mas malaking corpus.

Ikalawang Hakbang: Code Development. Binuo ang paunang kodigo batay sa sampung katangiang linggwistik: paggalang (po/opo), di-tuwirang pahayag (hedges), code-switching, emosyonal na pananalita, pagbuo ng samahan, personal na karanasan, pag-iwas sa sensitibong paksa, tagapuno, paikot-ikot na pagsasalaysay, at balbal.

Ikatlong Hakbang: Coding Process. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng dalawang-ikot na coding. Sa unang ikot, minarkahan ang bawat pahayag kung alin sa sampung katangian ang present (1) o absent (0). Sa ikalawang ikot, binilang ang dalas ng bawat katangian at kinompyut ang porsyento.

Ikaapat na Hakbang: Reliability Check. Isang independent na tagasuri na may Master's degree sa Applied Linguistics ang nagsuri ng 20% ng datos (90 pahayag). Gamit ang Cohen's Kappa, nakamit ang $\kappa = 0.84$ ($p < .001$), na nagpapahiwatig ng "almost perfect agreement."

Gumamit lamang ang mananaliksik ng mga panayam na nasa pampublikong domain (YouTube, opisyal na network channels) kung saan alam ng mga kalahok na sila ay nire-record at ipinapalabas. Hindi isiniwalat ang anumang personal na impormasyon ng mga kalahok bukod sa kanilang pangalan na pampublikong nalalaman na.

4. Resulta

Sa bahaging ito, isa-isang tinalakay ang mga ipinahayag na suliranin sa pag-aaral. Batay sa pagkakasunod-sunod ng suliranin ang naging ayos ng presentasyon.

4.1 Mahalagang Paunawa sa Interpretasyon ng Datos

Bago suriin ang mga resulta, mahalagang bigyang-diin na ang mga numerong inilahad ay deskriptibong estadistika lamang ng naobserbahang pattern sa anim na panayam. Hindi ito inferential statistics at hindi nito sinasabing kumakatawan sa populasyon ng kababaihang Pilipino. Bukod dito, kinikilala ng mananaliksik ang sumusunod na alternatibong paliwanag sa mga pattern:

1. Epekto ng Format ng Talk Show: Ang mga panayam sa telebisyon ay may sariling genre conventions. Ang pagiging emosyonal, pagkukuwento, at paggamit ng balbal ay maaaring hinihikayat ng producer para sa mas mataas na rating, hindi likas na katangian ng kababaihan.

2. Epekto ng Media Training: Ang mga personalidad sa telebisyon ay sumasailalim sa media training. Ang kanilang "pag-aangkop" sa konteksto ay maaaring propesyonal na kasanayan (learned skill) hindi kasarian-based na katangian.

3. Epekto ng Public Persona: Ang mga kalahok ay may image na pinoprotektahan. Ang paggamit ng po/opo at pag-iwas sa sensitibong paksa ay maaaring image management, hindi "pagiging magalang" ng kababaihan.

Dahil dito, ang mga interpretasyon sa ibaba ay dapat basahin nang may pag-iingat at bilang isa lamang sa maraming posibleng paliwanag.

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang sampung temang panglinggwistiko na lumitaw mula sa anim na panayam. Sa halip na suriin ang bawat tema nang mag-isa, mas makabuluhang tingnan ang mga ito bilang dalawang magkasalungat na pattern gamit ang dalawang teorya: ang Politeness Theory (Brown & Levinson, 1987) at ang Accommodation Theory (Giles et al., 1973).

Talahanayan 1. Katangiang linggwistiko ng kababaihan sa panayam.

Katangian	Pormal (Lily)	Di-gaanong Pormal (Rose)	Di-pormal (Daisy/Tulip)
1. Paggalang at pormalidad	Mataas (98% ng mga pahayag ay may <i>po/opo</i> ; 147/150 na pahayag)	Katamtaman (45% ng mga pahayag; 68/150 na pahayag)	Mababa (12% ng mga pahayag; 18/150 na pahayag)
2. Di-tuwirang pahayag	Mataas (87% ng mga pahayag; 131/150 na pahayag)	Mataas (79%; 118/150 na pahayag)	Katamtaman (34%; 51/150 na pahayag)
3. Code-switching	Katamtaman (15 instances sa 150 pahayag = 10%)	Mataas (42 instances = 28%)	Napakataas (89 instances = 59%)
4. Emosyonal na pananalita	Katamtaman (8 instances = 5%)	Mataas (31 instances = 21%)	Napakataas (67 instances = 45%)
5. Pagbuo ng samahan	Mataas (94% may backchannel; 141/150 na pahayag)	Mataas (88%; 132/150 na pahayag)	Napakataas (100%; 150/150 na pahayag)
6. Personal na karanasan	Mataas (12 kuwento sa 150 pahayag = 8%)	Mataas (15 kuwento = 10%)	Napakataas (28 kuwento = 19%)

7. Pag-iwas sa sensitibong paksa	Mataas (95% eupemismo; 19/20 sensitibong paksa)	Mataas (82%; 14/17 sensitibong paksa)	Mababa (23%; 3/13 sensitibong paksa)
8. Tagapuno at discourse marker	Mababa (6 instances = 4%)	Mataas (44 instances = 29%)	Napakataas (103 instances = 69%)
9. Paikot-ikot na pagsasalaysay	Katamtaman (4 instances = 3%)	Mataas (12 instances = 8%)	Mataas (15 instances = 10%)
10. Balbal at kolokyal	Mababa (0-2 instances = 0-1%)	Katamtaman (18 instances = 12%)	Napakataas (56 instances = 37%)

4.2 Pagsusuring Estadistikal ng mga Pattern

Upang mapatibay ang naobserbahang pattern, kinompyut ang percentage change at effect size gamit ang Cramér's V (para sa nominal na datos):

Pattern	Tema	Pormal → Di-pormal	Cramér's V	Interpretasyon
A (Bumababa)	Paggalang	98% → 12% (↓86%)	0.74	Malakas na asosasyon
A (Bumababa)	Di-tuwirang pahayag	87% → 34% (↓53%)	0.58	Katamtamang asosasyon
A (Bumababa)	Pag-iwas sa sensitibong paksa	95% → 23% (↓72%)	0.69	Malakas na asosasyon
B (Tumataas)	Code-switching	10% → 59% (↑49%)	0.52	Katamtamang asosasyon
B (Tumataas)	Tagapuno	4% → 69% (↑65%)	0.71	Malakas na asosasyon

Ang resulta ay nagpapakita na ang antas ng pormalidad ay may makabuluhang asosasyon sa paggamit ng mga katangiang linggwistik, hindi lamang random na pagkakaiba.

Antas	Porsyento ng Paglitaw	Bilang ng Instances (sa 150 pahayag)
Napakataas	50% pataas	75+ instances
Mataas	30% - 49%	45 - 74 instances
Katamtaman	10% - 29%	15 - 44 instances
Mababa	0% - 9%	0 - 14 instances

Pattern A: Mga Katangiang Bumababa mula Pormal tungong Di-pormal

Talahanayan A. Pagbaba mula pormal tungong di-pormal.

Tema	Pormal	Di-pormal	Pagbabago
Paggalang at pormalidad	98%	12%	Bumaba ng 86%
Di-tuwirang pahayag	87%	34%	Bumaba ng 53%
Pag-iwas sa sensitibong paksa	95%	23%	Bumaba ng 72%

Pattern B: Mga Katangiang Tumataas mula Pormal tungong Di-pormal

Talahanayan B. Pagtaas mula pormal tungong di-pormal.

Tema	Pormal	Di-pormal	Pagbabago
Code-switching	10%	59%	Tumataas ng 49%
Emosyonal na pananalita	5%	45%	Tumataas ng 40%
Tagapuno	4%	69%	Tumataas ng 65%
Balbal	1%	37%	Tumataas ng 36%

Ang antas ng panayam ay isang paktor na tinitignan upang maunawa ang paraan ng paglalahad ng nagsasalita at ang pag-ayon ng wika sa konteksto ng usapan. Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng limang katangiang linggwistiko na naobserbahan mula sa apat na kalahok na babae sa pag-aaral. Ang bawat katangian ay inilalarawan sa pamamagitan ng konkreong manipistasyon mula sa aktuwal na datos at sinamahan ng direktang sipi mula sa mga kalahok upang maging batayan ng pagsusuri.

Talahanayan 2. Katangiang linggwistiko batay sa antas.

Katangian	Konkreong Manipistasyon mula sa Datos	Sipi mula sa Kalahok
1. Umaangkop ayon sa konteksto	Lily: mataas na politeness markers, hedges; Daisy/Tulip: mataas na code-switching, emotive language	"I think... siguro... a little bit" (Lily, pormal) vs. "Grabe, naku, diba?" (Tulip, di-pormal)
2. Nakatuon sa samahan	Madalas na backchanneling ("Oo," "Talaga?"), pagtawag sa pangalan ("Tito Boy," "Ate Vi")	"Tama ka diyan, Tito Boy." "Oo, Ate Vi, totoo po iyan."
3. Nakabatay sa kuwento	Pagsasalaysay ng personal na karanasan bilang pangunahing ebidensya	Kuwento ni Rose tungkol sa trauma sa ama; kuwento ni Tulip tungkol sa baong piso
4. Awtentiko sa emosyon	Pagtawa, pag-iyak, padamdang ("Grabe!" "Naku!" "Wow!")	"Naku, grabe talaga ang pinagdaanan ko..." (na may kasamang pagluha)
5. Madiskarte sa politeness	Paggamit ng hedges at indirectness upang mapanatili ang elegante at kontroladong imahe	"Siguro po, kung titingnan natin, medyo mahirap po talaga..." (Lily sa pageant)

Sa mga nakuhang korpus ng diskurso ng mga babaeng kinapanayam, ipinapakita ng mga babae ang isang wika na natural sa kanila.

Talahanayan 3. Pagpapahalaga sa wika ng kababaihan.

Proposisyon ni Lakoff (1975)	Resulta mula sa Datos	Kahalagahan at Kontekstong Pilipino
1. Lexical hedges (well, sort of, you know)	Lily: "Well, for me, Tito Boy..."; "I wouldn't say na natakot ako sa kanya."	Hindi ito kawalan ng tiwala sa sarili kundi paggalang sa kausap at pag-iwas sa "makatapak." Sa kulturang Pilipino, ang deretsahang pagsalungat ay bastos; ang hedges ay nagsisilbing pananggalang sa <i>hiya</i> .

2. Tag questions (isn't it?, diba?)	Rose: " <i>You know what I mean?</i> "; Lily: " <i>You guys remember that, diba?</i> "	Sa halip na maghanap ng aprobasyon, ito ay paanyaya sa pakikiisa. Ginagawang <i>usapan</i> ang panayam, hindi monologo, naaayon sa pagpapahalaga sa <i>pakikisama</i> .
3. Rising intonation on declaratives	" <i>Maganda siya... diba?</i> " (pag-angat ng tono sa hulihan)	Ginagamit upang siguraduhin ang pagkakaintindihan, mahalaga sa mataas na kontekstong komunikasyon kung saan ang kahulugan ay hinuhulaan, hindi deretsang sinasabi.
4. Emphatic stress	Tulip: " <i>Grabe ang pagbabago!</i> "; " <i>Super nagbago talaga!</i> "	Nagdaragdag ng emosyonal na intensidad upang maging kapani-paniwala. Hindi ito "hysteria" kundi sadyang retorika sa komedya at pang-akit ng atensyon.
5. Empty adjectives (divine, lovely, cute)	Lily: " <i>She's so beautiful.</i> "; Tulip: " <i>Ang galing-galing.</i> "	Hindi "empty" sa kulturang Pilipino- ito ay puri at pagpapalakas ng loob (<i>relational work</i>). Ang pagbibigay-halaga sa kapwa sa pamamagitan ng positibong pananalita ay tanda ng mabuting asal.
6. Intensifiers (so, very, sobrang)	Lily: " <i>Sobrang sexy.</i> "; Tulip: " <i>Talagang dami naming adjustment!</i> "	Nagpapalakas ng emosyonal na epekto at persuasiveness. Ipinapakita ang sigla ng nagsasalita, katanggap-tanggap sa kababaihan sa panayam hangga't hindi labis.
7. Hypercorrect grammar	Lily (pormal): " <i>I was at the verge...</i> "; Tulip (di-pormal): sinasadyang kolokyal	Hindi ito simpleng pagsunod sa pamantayan kundi code-switching o style-shifting ayon sa sitwasyon. Ipinapakita ang <i>kakayahang pangkomunikatibo</i> , hindi kahinaan.
8. Superpolite forms (po, opo, Tito)	Lily: " <i>Salamat po</i> " (17 beses); " <i>Tito Boy</i> " (22 beses); " <i>Opo</i> "	Sa orihinal na teorya ni Lakoff (1973), ang superpolite forms ay itinuturing na palatandaan ng kawalan ng kapangyarihan o submissiveness ng kababaihan sa Kanluraning konteksto. Hindi ganito sa Pilipinas. Ang po at opo ay hindi hudyat ng kahinaan kundi estratehiya ng pakikipagkapwa at pagkilala sa ugnayang panlipunan (<i>hierarchy</i> na may halong paggalang, hindi takot). Sa halip na patunay na sunud-sunuran ang kababaihang Pilipino, ang paggamit ng po ay maaaring sabay na pagkilala sa awtoridad ng kausap (Tito Boy) at paggigiit ng sariling boses. Hindi ito pagiging sunud-sunuran kundi pagkilala sa <i>hierarchy ng paggalang</i> , susi sa pakikipag-ugnayan sa nakatatanda o may awtoridad.
9. Avoidance of strong swear words	Tulip: " <i>Susmariosep!</i> "; " <i>Naku, Lord!</i> "; walang direktang mura	Ipinapakita ang relihiyosong eupemismo bilang alternatibo sa mura. Hindi ito pagpipigil dahil sa takot kundi <i>internalisadong pamantayang moral</i> na inaasahan sa kababaihang Pilipino (lalo na sa telebisyon).

5. Diskusyon

5.1 Mga Katangiang Linggwistiko ng mga Babae sa Piling Panayam

Bumababa ang paggamit sa di-pormal. Ang mga temang may kinalaman sa paggalang (Tema 1), di-tuwirang pahayag (Tema 2), at pag-iwas sa sensitibong paksa (Tema 7) ay mas mataas sa pormal na panayam (98%, 87%, 95%) kaysa sa di-pormal (12%, 34%, 23%). Ayon sa Politeness Theory, ito ay negative politeness, isang estratehiya upang protektahan ang "mukha" ng kausap sa pamamagitan ng pagpapanatili ng distansya at paggalang. Kapag pormal ang okasyon at hindi gaanong kilala ang kausap (tulad ni Lily kay Boy Abunda), mas kinakailangan ang paggamit ng po/opo, hedges ("siguro," "parang"). Sa di-pormal, dahil magkaibigan na ang turingan, hindi na kailangan ang mataas na antas ng pag-iingat.

Ang sumusunod na sipi mula kay Lily ay nagpapakita ng negative politeness:

Lily (pormal): *"Salamat po, Tito Boy. Kasi po, noong bata pa ako, hindi po namin alam kung saan kami kukuha ng pagkain sa araw-araw po. Kaya hanggang ngayon po, nagpapasalamat ako sa lahat ng sumuporta po sa akin."*

Sa tatlong minutong bahaging ito, nagtala ang mananaliksik ng 17 beses na paggamit ng po at 22 beses na pagtawag na "Tito Boy", kapwa nagpapakita ng mataas na antas ng negatibong pagiging magalang. Sa kabilang dako, sa di-pormal na panayam, mababa ang social distance. Magkaibigan o magkakilala na sina Tulip at Daisy sa kanilang tagapanayam. Hindi na kailangan ang mataas na antas ng negative politeness.

Ang sumusunod na sipi mula kay Tulip ay nagpapakita ng mas direktang pananalita:

"Oo, naghirap kami. Walang-wala talaga."

Mapapansin na walang po o opo, walang hedge, at direkta ang pagtalakay sa sensitibong paksa ng kahirapan. Ayon kay Brown at Levinson (1987), ang negative politeness (paggalang sa distansya ng kausap) ay mas kinakailangan sa pormal na sitwasyon kung saan mataas ang social distance. Kapag naging magkakaibigan na ang turingan (di-pormal), hindi na kailangan ang mataas na antas ng pag-iingat, kaya bumababa ang paggamit ng po/opo at hedges, at nagiging direkta na ang pagtalakay sa sensitibong paksa.

Tumataas ang paggamit sa di-pormal. Ang mga temang may kinalaman sa code-switching (Tema 3), emosyonal na pananalita (Tema 4), pagbuo ng samahan (Tema 5), personal na karanasan (Tema 6), tagapuno (Tema 8), paikot-ikot na pagsasalaysay (Tema 9), at balbal (Tema 10) ay mas mataas sa di-pormal (mula 37% hanggang 100%) kaysa sa pormal (mula 1% hanggang 10%). Ayon sa Accommodation Theory,

ito ay downward accommodation, isang sinadyang pagbaba ng rehistro upang maging kabilang sa grupo o maging relatable sa karaniwang manonood.

Halimbawa, si Tulip ay gumamit ng code-switching sa Cebuano:

Tulip (di-pormal): "*Ambot nalang gyud*"

Hindi dahil hindi siya marunong mag-Tagalog kundi dahil ito ay ang wikang ginagamit niya kapag siya ay relaxed at kasama ang mga taong kanyang kaclose. Ayon kay Giles et al. (1973) sa Accommodation Theory, ang mga kalahok ay nag-aadjust ng kanilang wika upang maging kabilang sa grupo (convergence). Sa di-pormal na setting, ang paggamit ng code-switching, balbal, at tagapuno ay hindi tanda ng kawalan ng kumpiyansa kundi sinadyang pagbaba ng rehistro (downward accommodation) upang maging relatable sa karaniwang manonood.

5.2 Katangiang Linggwistiko Batay sa Antas ng Panayam

5.2.1 Katangian 1: Umaangkop ayon sa Konteksto

Ipinakita ng mga kalahok na ang kanilang wika ay dinamiko at nagbabago batay sa pormalidad ng sitwasyon. Sa pormal na panayam (pageant), gumamit si Lily ng mas mataas na antas ng politeness markers ("po," "opo"), hedges ("I think," "siguro"), at indirectness. Samantala, sa di-pormal na panayam, sina Daisy at Tulip ay nagpakita ng mas mataas na antas ng code-switching, emotive language, at pang-araw-araw na pananalita.

Karagdagang Sipi mula sa Datos:

Pormal na konteksto (Lili kay Boy Abunda):

"Well, po, Tito Boy, kung baga po, sa tingin ko po, mahirap pong sabihin na handa na ako kasi po... parang... hindi naman po natin alam ang mangyayari diba po?"

Tandaan: Sa isang pahayag na ito, may 5 po, 2 hedges ("kung baga," "parang"), 1 tag question ("diba"), at 1 discourse marker ("well")

Di-Pormal na konteksto (Tulip kay Bianca):

"Grabe bes, chika ko sa'yo, noon ah... wala talaga kaming pera eh... Ambot nalang gyud (Cebuano: 'Ewan ko na lang talaga') kasi... ewan..."

Tandaan: Walang po/opo, may balbal ("bes," "chika"), may tagapuno ("ah," "eh"), may code-switching sa Cebuano.

Ayon sa Accommodation Theory ni Giles et al. (1973), ang pag-aangkop na ito ay estratehikong hakbang upang maging angkop sa kausap at konteksto. Gayunpaman,

hindi ito likas na katangian ng kababaihan kundi maaaring bunga ng propesyonal na pagsasanay ng mga kalahok bilang personalidad sa telebisyon.

5.2.2 Katangian 2: Nakatuon sa Samahan

Lahat ng apat na kalahok ay nagpakita ng mataas na antas ng pagbuo ng magandang relasyon sa kausap sa pamamagitan ng: (1) Madalas na backchanneling ("Oo," "Talaga?", "Tama") (2) Pagtawag sa pangalan ng kausap ("Tito Boy," "Ate Vi," "Momshie") (3) Pagpapahayag ng pagsang-ayon.

Karagdagang Sipi mula sa Datos:

Backchanneling ni Rose sa kanyang tagapanayam:

Tagapanayam: *"So ang hrap ng pinagdaanan mo, no?"*

Rose: *"Oo naman, Tito. Sobra."*

Tagapanayam: *"Pero eto ka, nandito ka na ngayon."*

Rose: *"Tama ka diyen. Kaya nga nagpapasalamat ako sa 'yo, Tito."*

Pagtawag sa pangalan (Daisy kay Ate Vi):

"Ate Vi naman po, mahirap pong tanong iyan. Pero sige po, Ate Vi, sasagutin ko po kayo..."

Tandaan: Sa loob ng 12 segundo, tinawag ni Daisy si Ate Vi ng 3 beses kasama ang 3 po.

Ipinapakita nito na ang pangunahing layunin ay hindi lamang impormasyon kundi pagpapatatag ng ugnayan. Bagama't sumasalamin ito sa rapport talk ni Tannen (1990), mahalagang idiin na maaaring ang konteksto ng talk show (na nangangailangan ng magaan at palakaibigang usapan) ang nag-udyok nito, hindi ang kasarian mismo.

5.2.3 Katangian 3: Nakabatay sa Kuwento

Sa halip na abstraktong pangangatwiran, ginamit ng mga babaeng kalahok ang personal na kuwento bilang pangunahing kasangkapan. Ayon kay Coates (1996), sa mga pag-uusap ng kababaihan, ang kuwento ang pangunahing yunit ng komunikasyon. Ngunit sa pag-aaral na ito, kinikilala ng mananaliksik na ang talk show format mismo ay nag-aanyaya ng personal na pagkukuwento. Gaya ng binanggit ni Thornborrow (2015), ang mga panayam sa telebisyon ay idinisenyo upang makakuha ng personal na mga kuwento mula sa mga bisita anuman ang kasarian. Dahil dito, hindi maituturing na eksklusibong katangian ng wika ng kababaihan ang pagkukuwento sa kontekstong ito na maaaring ito ay repleksyon ng genre ng talk show, hindi ng kasarian. Halimbawa:

Si Rose ay nagkuwento ng kanyang trauma sa ama.

Si Tulip ay nagkuwento ng kanyang baong piso noong bata pa siya.

Si Lily ay nagkuwento ng kanyang kakulangan sa resources bago sumali sa pageant.

Si Daisy ay nagkuwento ng kanyang karanasan bilang filmmaker.

Karagdagang Sipi mula sa Datos (Tulip):

"Alam mo, noong bata ako ah, baon ko lang sa eskwela piso. Piso! Grabe diba? Isipin mo, piso. Tas... yung iba kong kaklase ah, baon nila sampung piso, bente. Ako, piso. Kaya nga hanggang ngayon bes, pag may pera ako, sobrang maingat ako. Kasi alam ko ang pakiramdam ng walang wala. Kaya yun, kwento ko lang..."

Tandaan: Ipinapakita dito ang narrative structure: orientation ("noong bata ako"), complication ("baon ko piso"), resolution ("maingat ako"), at coda ("yun ang kwento ko")

5.2.4 Katangian 4: Awtentiko sa Emosyon

Hindi itinago ng mga kalahok ang kanilang emosyon; sa halip, ipinakita nila ito bilang bahagi ng tunay at autentikong komunikasyon. Karagdagang Sipi mula sa Datos (Rose na may pagluha):

"(pahinto, boses na nanginginig) Pasensya na po, Tito Boy... (pahid ng luha) Grabe talaga kasi ang pinagdaanan ko eh... Yung... [malalim na hinga] yung tatay ko po... Naku, Lord... [hindi makapagsalita ng ilang segundo] Sorry po..."

Tandaan: Ang emosyonal na pagpapahayag ay hindi isang "depekto" kundi isang paraan upang ipakita ang katapatan ng kuwento. Kasabay nito, kahit umiiyak, gumagamit pa rin si Rose ng "po" - nagpapakita na ang paggalang at emosyon ay magkasamang umiiral.

Sa maraming konteksto, ang emosyonal na pagpapahayag ay itinuturing na "kahinaan" o "kawalan ng kontrol." Ngunit sa apat na kalahok na ito, ang emosyon ay ipinakita bilang tanda ng katapatan at pagiging totoo. Ipinapakita nito na ang babae ay handang maging vulnerable upang magkaroon ng mas malalim na koneksyon sa kausap. Ayon sa Difference Theory ni Tannen (1990), ang emosyonal na pagpapahayag ay hindi depektibo kundi functional, ito ay nagsisilbing palakasin ang rapport sa kausap. Gayunpaman, muli, hindi ito maaaring gawing pangkalahatan. Sa kultura ng telebisyon sa Pilipinas, ang nagpapakita ng emosyon ay madalas na hinihikayat at ginagantimpalaan ng mataas na rating.

5.2.5 Katangian 5: Madiskarte sa Politeness

Bagama't ang pagiging magalang ay madalas tingnan bilang pagsunod o kahinaan, ipinakita ni Lily (sa pormal na panayam sa pageant) na ang politeness ay maaaring maging isang estratehiya upang mapanatili ang kapangyarihan at positibong imahe. Karagdagang Sipi mula sa Datos (Lily sa pageant):

Tanong: *"Lily, ano ang masasabi mo sa mga nagsasabing hindi ka karapat-dapat manalo dahil hindi ka 'pang-beauty queen' ang itsura?"*

Sagot ni Lily: *"(ngiti) Well po, siguro po, naiintindihan ko naman po ang kanilang punto kasi po... [tawa] to be honest po, ako rin naman po, hindi ko inakala na aabot ako dito. Pero po, ang gusto ko lang naman pong sabihin... kung titingnan po natin... hindi lang naman po ang panlabas na anyo ang basehan ng kagandahan diba po? Salamat po."*

Tandaan: Gumamit si Lily ng 10 po, 3 hedges ("siguro," "to be honest," "kung titingnan"), 2 tag questions ("diba"), at isang ngiti/tawa upang mapanatili ang elegante at kontroladong imahe. Hindi ito "kahinaan" - ito ang nagpapanalo sa kanya.

Gumamit siya ng hedges ("siguro," "medyo"), politeness markers ("po"), at indirectness ("kung titingnan natin"), mga tampok na karaniwang itinuturing na "mahina" ayon sa Deficit Theory ni Lakoff (1973). Ngunit sa konteksto ng pageant, ang mga tampok na ito ay hindi tanda ng kahinaan. Sa halip, ito ang nagpapahintulot kay Lily na: (1) manatiling elegante at kontrolado sa harap ng milyun-milyong manonood, (2) iwasan ang pagmumukhang mayabang o agresibo, at (3) mapanatili ang positibong imaheng inaasahan sa isang beauty queen. Ayon sa Politeness Theory nina Brown at Levinson (1987), ang positive politeness at negative politeness ay ginagamit ng lahat ng tao, lalaki man o babae, hindi bilang kahinaan kundi bilang face-saving strategies. Si Lily ay matagumpay na gumamit ng inaasahang "pambabaeng wika" bilang sandata upang magmukhang karapat-dapat sa korona.

5.3 Kahalagahan ng Wika ng Kababaihan vs. WL ni Lakoff

Mahalaga na ang pagpuna sa WL at ang makikitang pagpapahalaga ay kontra-argumento sa deka-dekadang paniniwala sa katayuan ng wika ng babae sa lipunan. Masasabing ang pagpili ng wika ng babae na taliwas sa ipinapakita ng mga lalaki ay hinubog ng kultura at panlipunang pangangailangan sa panahon kung saan ang mga babae ay hinuhusgahan batay sa kasarian na nagbubunsod ng mababang tingin ng lipunan sa kanilang wika. Kung kulang ang wika ng mga babae at hindi kapantay ng wika ng kalalakihan sa mata ng lipunan sa kasalukuyan, ito ay isang malinaw na manipistasyon na hindi pa rin nabibigyan ng sapat na pagkilala ang natatangi ngunit sapat na wika nila. Ayon kay Villanueva et al. (2025), ang ganitong konteksto ng paggamit ng wika ng kababaihan ay repleksyon ng kultura na kinagisnan nila. Sa

Pilipinas, ang wika ng babae ay kinikilala sa mga katangian nito ngunit nanatili pa ring may mga perspektibang nagpapababa sa mga katangiang ito. Batay naman kina Brown (1987), ang wika ng babae ay nagpapakita ng paggalang sa kausap nito kung bakit isinasaalang-alang nito ang konteksto ng usapan.

Hindi lahat ng proposisyon ni Lakoff (1973) ay nakita sa datos. Ang precise color terms (hal. lavender, magenta, beige). Ang proposisyong ito ay hindi angkop sa uri ng diskursong sinuri (panayam sa telebisyon). Dahil ito ay karaniwang lumilitaw sa ibang genre tulad ng fashion talk o beauty tutorials. Dahil dito, hindi ito nagsisilbing balidong batayan upang sukatin ang bisa ng WL ni Lakoff sa kontekstong ito. Ang kawalan nito ay hindi 'kakulangan' kundi repleksyon ng kontekstwal na limitasyon ng orihinal na teorya.

5.4 Mga Limitasyon ng Pag-aaral

Mahalagang kilalanin na ang pag-aaral na ito ay may mga limitasyon na nakaapekto sa pagpapakahulugan at paglalahat ng mga natuklasan. Una, limitado ang bilang ng sampol dahil anim na panayam lamang ng mga kilalang personalidad tulad ng artista, beauty queen, at komedyante ang sinuri, kung kaya hindi kasama ang ordinariyong kababaihan mula sa iba't ibang rehiyon at propesyon. Ikalawa, ang mediatized na konteksto ng pag-aaral ay nangangahulugang lahat ng panayam ay isinagawa sa telebisyon o YouTube kung saan alam ng kalahok na sila ay nirecord (observer's paradox), kaya maaaring naimpluwensyahan ng kamalayan sa camera ang kanilang natural na gamit ng wika. Ikatlo, limitado ang representasyon ng rehiyon dahil karamihan sa mga kalahok ay may unang wikang Tagalog o Cebuano, kung kaya hindi kumakatawan ang mga ito sa kababaihang mula sa ibang rehiyon tulad ng Ilokano, Hiligaynon, Bicolano, at Waray. Ikaapat, ang mga kalahok ay mga propesyonal na personalidad na may media training at public image na pinoprotektahan, kaya maaaring ang kanilang pattern ng wika ay bunga ng propesyonal na pagsasanay hindi ng kasarian. Ikalima, sa kabila ng inter-rater reliability ($\kappa = 0.84$), ang thematic analysis ay may bahaging pansariling interpretasyon ng mananaliksik.

Dahil sa mga limitasyong ito, ang pag-aaral ay isang paunang pagsusuri (preliminary investigation) lamang at nangangailangan ng mas malawak na pananaliksik sa hinaharap, kung kaya ang mga natuklasan ay hindi maaaring gawing pangkalahatan sa lahat ng 50 milyong babaeng Pilipino.

6. Konklusyon at Rekomendasyon

Ipinakita sa pag-aaral na ito na ang wika ng kababaihan ay isang dinamiko at kontekstwalisadong sistema ng komunikasyon, hindi isang istatikong set ng mga katangiang nagpapahiwatig ng kawalan ng kumpiyansa o kahinaan. Batay sa pagsusuri ng sampung temang panglinggwistik mula sa anim na panayam sa tatlong antas ng pormalidad, lumitaw ang dalawang magkasalungat na pattern: ang mga katangiang

may kinalaman sa paggalang, di-tuwirang pahayag, at pag-iwas sa sensitibong paksa ay bumababa mula pormal tungong di-pormal (alinsunod sa Politeness Theory), samantalang ang code-switching, emosyonal na pananalita, pagbuo ng samahan, personal na karanasan, tagapuno, paikot-ikot na pagsasalaysay, at balbal ay tumataas sa di-pormal na konteksto (alinsunod sa Accommodation Theory).

Mula sa mga natuklasan, nabuo ang limang katangian ng wika ng kababaihan sa kontekstong Pilipino: umaangkop sa konteksto, nakatuon sa samahan, nakabatay sa kuwento, awtentiko sa emosyon, madiskarte sa politeness.

Nagbigay ang pag-aaral ng pansamantalang alternatibong pananaw sa mga proposisyon ni Lakoff (1973) batay sa limitadong datos na sinuri: ang mga katangiang linggwistikong tulad ng hedges, tag questions, po at opo ay sa konteksto ng mga panayam na sinuri ay hindi palatandaan ng kawalan ng kapangyarihan o submissiveness kundi mga estratehiyang pangkomunikasyon para sa relasyonal na gawain, paggalang sa kapwa (pakikisama), at pag-iwas sa hiya sa kulturang Pilipino.

Dahil sa limitadong saklaw ng pag-aaral (anim na panayam lamang ng mga personalidad sa telebisyon), ang lahat ng konklusyon ay tentative at nangangailangan ng replication gamit ang mas malaking sample na kinabibilangan ng ordinaryong kababaihan mula sa iba't ibang rehiyon at propesyon bago makabuo ng matatag na pangkalahatang pahayag tungkol sa wika ng kababaihang Pilipino. Gayunpaman, ang pag-aaral na ito ay nagsilbing mahalagang pundasyon para sa mas malawak na pananaliksik sa ugnayan ng wika, kasarian, at kultura sa Pilipinas.

Batay sa mga isinagawang pag-aaral, may ilang mga ideya na maaaring makatulong para mas mapalalim ang pag-unawa sa wika ng kababaihan. Makikita rin dito ang posibilidad na gamitin ang ibang disiplina sa sosyolinggwistika. Inirekomenda ng mga mananaliksik na: 1. palawakin ng mga susunod na mananaliksik ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsama ng ordinaryong kababaihan mula sa iba't ibang rehiyon, propesyon, at antas ng lipunan, paggamit ng iba't ibang setting ng panayam (natural na usapan, trabaho, tahanan), 2. pagsagawa ng cross-cultural comparison upang matukoy ang unibersal at natatanging katangian ng wika ng kababaihang Pilipino, 3. magsagawa ng paghahambing sa wika ng babae at lalaki sa mga katulad na konteksto ng panayam. Nais malaman kung ang mga natuklasang katangian ay natatangi sa kababaihan o bahagi ng karaniwang istilo ng komunikasyon ng mga Pilipino, 4. magsagawa ng isang pangmatagalang pag-aaral na susubaybay sa pagbabago ng wika ng isang babaeng kalahok sa paglipas ng panahon, 5. suriin ang wika ng kababaihan sa iba pang anyo ng midya tulad ng podcast, vlog, at social media live streaming. Dito matutukoy ang pagkakaiba sa gamit ng wika sa iba't ibang plataporma. 6. gumamit ng mas malaking sample at quantitative measures upang mapatunayan ang mga pattern na natuklasan sa kwalitatibong pag-aaral na ito.

Pagkilala

Ang mga mananaliksik ng pag-aaral na ito ay lubos na nagpapasalamat sa pagkakataong ibinigay ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika na udyukin

sila na makagawa ng isang makabuluhang awtput sa sosyolinggwistiks lalo na sa nakasaad na paksa sa riserts na ito. Kinikilala rin ang ambag ng mga taga-rebyu ng artikulo sa lalong ikinabuti nito.

Pahayag ng Salungatan ng Interes

Tinitiyak ng mga mananaliksik na ang papel na ito ay walang anumang salungatan ng interes mula sa ibang tao o organisasyon.

Mga Sanggunian

- Adawiyah, S. R. (2021). *A study of women's linguistic features in Ellen Lee Degeneres' speech* [Undergraduate thesis, UIN Sunan Ampel Surabaya]. Digilib UINSA. http://digilib.uinsa.ac.id/48874/2/Siti%20Robiatul%20Adawiyah_A73217090.pdf
- ANC. (2025). Headstart: Del Monte celebrates 100 Years of Nourishing Filipino Families [Television broadcast]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=Y2AUlJmUCGA&t=49s>
- Ang Walang Kwentang Channel. (2026). #MetroscopeCoverStories: Let Them Talk ft. Tonet Jadaone & JP Habac [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=MGfRkpk2eIQ&t=17s>
- Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative research in psychology*, 3(2), 77-101. <https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa>
- Brown, P. (1987). *Politeness: Some universals in language usage* (Vol. 4). Cambridge university press. [https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=db6tAQAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR12&dq=Brown,+P.,+%26+Levinson,+S.+C.+\(1987\).+Politeness:+Some+universals+in+language+usage.++Cambri+dge+University+Press.&ots=3B9Vufczna&sig=22kzDR7RjpqkgEksTa3-8ppmBdc](https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=db6tAQAAQBAJ&oi=fnd&pg=PR12&dq=Brown,+P.,+%26+Levinson,+S.+C.+(1987).+Politeness:+Some+universals+in+language+usage.++Cambri+dge+University+Press.&ots=3B9Vufczna&sig=22kzDR7RjpqkgEksTa3-8ppmBdc)
- Cinema One. (2024). The B Side: Full interview with Melai Cantiveros [Television broadcast]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=cNfkgVeDx4k&t=1s>
- Coates, J. (1996). *Women talk: Conversation between women friends*. Blackwell Publishers. <https://pdfyl.ertongbook.com/38/32061810.pdf>
- Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications. <https://us.sagepub.com/en-us/nam/research-design/book255675>
- Giles, H., Taylor, D. M., & Bourhis, R. (1973). Towards a theory of interpersonal accommodation through language: some Canadian data1. *Language in society*, 2(2), 177-192. <https://doi.org/10.1017/S0047404500000701>
- GMA Entertainment. (2024). Boy Abunda with Chelsea Manalo [Video]. YouTube. <https://www.youtube.com/watch?v=8fFU7hSr19Q&t=1s>

- Gonzalez, A. (1998). The language planning situation in the Philippines. *Journal of Multilingual and Multicultural Development*, 19(5), 487–525. <https://doi.org/10.1080/01434639808666365>
- Holmes, J., & Wilson, N. (2022). *An introduction to sociolinguistics*. Routledge.
<https://api.taylorfrancis.com/content/books/mono/download?identifierName=doi&identifierValue=10.4324/9780367821852&type=googlepdf>
- Jefferson, G. (2004). Glossary of transcript symbols with an introduction. *Conversation analysis*, 13, 31.
https://www.academia.edu/download/54078219/Conversation_Analysis.pdf
- Khoirunnisa', N. (2025). *Language features exhibited by female pre-service teachers during teaching practicum* [Undergraduate thesis, UIN KH Achmad Siddiq Jember]. Digital Library UINKHAS Jember. <https://digilib.uinkhas.ac.id/41994/>
- Kurnia, A. S., Nurulaen, Y., & Ruminda, R. (2025). Women's Language Features Used by Women Across Different Public Roles. *eScience Humanity Journal*, 5(2), 428-439.
<https://www.idebahasa.or.id/escience/index.php/home/article/download/253/170>
- Labov, W. (1972). Sociolinguistic patterns (university of pennsylvania, philadelphia).
https://www.researchgate.net/publication/283634802_Reviewed_Works_Sociolinguistic_Patterns_by_William_Labov
- Lakoff, R. (1973). Language and woman's place. *Language in society*, 2(1), 45-79.
<https://home.cc.umanitoba.ca/~rosenn/papers/Lakoff.pdf>
- O'Barr, W., & Atkins, B. K. (2005). "Women's language" or "powerless language"? In *Language, communication and education* (pp. 202-216). Routledge.
<https://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9780203975107-21/women-language-powerless-language-william-barr-bowman-atkins>
- Sapir, E. (1929). The status of linguistics as a science. *Language*, 207-214.<https://doi.org/10.2307/409588>
- Tannen, D. (1990). You just don't understand: Women and men in conversation.
<https://drdouggreen.com/wp-content/You-Understand.pdf>
- Thornborrow, J. (2014). *The discourse of public participation media: From talk show to Twitter*. Routledge.
<https://api.taylorfrancis.com/content/books/mono/download?identifierName=doi&identifierValue=10.4324/9781315740409&type=googlepdf>
- Villanueva, B. P., Guinguing, A. J., Abondo, B., Deuna, D., & Abrea, A. (2025). Do They Already Know? Level of Gender Language Sensitivity Among Education Students. *Journal of English and Applied Linguistics*, 4(1), 8.<https://doi.org/10.59588/2961-3094.1110>
- VivaMax. (2024). Queen Angeli Khang opens up [Video]. YouTube.
<https://www.youtube.com/watch?v=cqQZbELGotw>
- Wahab, A., Zia, M., & Qasim, H. M. (2025). Constructing Power and Politeness: A Gender-Based Sfl Analysis of Mood Choices in Pakistani Urdu Conversational Podcasts. *Journal of Applied*

Linguistics and TESOL (JALT), 8(2), 2224-2247.

<https://jalt.com.pk/index.php/jalt/article/download/846/655>

Williams, L., & Núñez, D. C. (2025). "Women's language" in Supreme Court oral arguments. *University of Colorado Law Review*, 97(1), 1.

<https://openurl.ebsco.com/contentitem/gcd:191436409?sid=ebsco:plink:crawler-gcd&id=ebsco:gcd:191436409&crl=c&jrnl=00419516>

Yang, W., & Yang, M. (2025). Who Speaks, Who Listens? Gendered Speech Styles in Will Smith's Interview with Ellen. *SAGE Open*, 15(3). <https://doi.org/10.1177/21582440251378212>

Yin, R. K. (2018). *Case study research and applications* (Vol. 6). Thousand Oaks, CA: Sage.

https://www.academia.edu/download/106905310/Artikel_Yustinus_Calvin%20Gai_Mali.pdf

Zimmermann, D. H., & West, C. (1996). Sex roles, interruptions and silences in conversation.

In *Amsterdam Studies in the Theory and History of Linguistic Science Series 4* (pp. 211-236). John Benjamins BV. <http://www.web.stanford.edu/~eckert/PDF/zimmermanwest1975.pdf>

Ambag ng May-akda: Esoy, M.; Pangunahing awtor na nanguna sa konseptuwalisasyon ng pananaliksik hanggang sa pagkakabuo nito. Mamongcal, R.; Exsan, N.; Bala, C.A.; Tumulong sa pagsusuri ng mga datos ng pananaliksik at nagbigay ng mahahalagang detalye sa papel upang mapagtibay ang argumento. Pandapatan, A.; Naging katuwang at tagagabay ng pangunahing awtor sa maayos na konseptuwalisasyon nito, nagbigay ng sapat na puna para sa ikauunlad ng pag-aaral at tiniyak na nasusunod ang etikal na pamamaraan ng pagsulat ng pananaliksik.